Araw ng Census, ika-7 ng Marso 2023.

Ang 2023 Census ay tungkol sa ating lahat.

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

Census | Stats NZ
Tatau tātou - All of us count

TAGALOG

Kapag tayong lahat ay lumahok sa census, lahat tayo ay mahalaga.

Ang census ay isang pambuong bansang survey na ginaganap tuwing limang taon. Ito ay opisyal na pagbilang ng bawat tao sa Aotearoa New Zealand, at ng mga lugar kung saan sila naninirahan o nanunuluyan (mga tirahan).

Ang census ay tumutulong sa lahat na maunawaan kung paano nagbago ang Aotearoa New Zealand sa paglipas ng panahon. Tumutulong din ito sa iwi, mga grupong pangkomunidad, at pamahalaan upang magplano ng mga serbisyo para sa mga tao at komunidad, gaya ng mga ospital, paaralan, at pampublikong transportasyon.

Bawat tao na nasa Aotearoa New Zealand sa **Araw ng Census, Martes, ika-7 ng Marso 2023** ay dapat lumahok sa census. Maaari mong gawin ang census sa online o sa papel.

Pinoprotektahan ng Stats NZ ang iyong impormasyon at pagkakakilanlan. Titiyakin namin na ikaw ay hindi makikilala sa mga datos na aming ilalathala.

Hindi namin ibabahagi kaninuman ang iyong indibidwal na mga sagot, halimbawa, sa mga pampamahalaang organisasyon gaya ng Work and Income (Trabaho at Kita), Kāinga Ora, Pulisya, o Immigration New Zealand.

Bisitahin ang www.census.govt.nz para sa karagdagang impormasyon.
Libreng tawag sa telepono: 0800 CENSUS (0800 236 787), bukas sa ika-6 ng Pebrero.